RECEIVED
05 AUG 2022
☐ INCOMING ☐ OUTGOING
DATS NO.

7/19/22

Dear ma'am Lormelyn E. Claudio,

Magandang araw po maam, sumulat po ako sa inyo dahil may mahalagang bagay po akong tatanungin po sa inyo maam. tongkol po ito sa case ng tatay ko na si Juanito Dillena Sr. sabi po kasi ng PENRO opice. kayo daw po ang makapagdisisyon kong kanino po mapunta ang lupa.

maam, gusto ko po sanang alamin kong ano na po ang status ng case ng tatay ko. PENRO case No.-0364. kasi po ang tatay ko po ay patay na. at kami nalang po ang nakatira sa lupa. at sa aking naalalatan ang tatay ko po talaga ang kaunaunhang nag linis na dating kagu-batan pa. 1978 1979 pa po kami sa lugar na ito mam.

galing po kaming mindanao, dahil magulo po doon kaya lumipat kami dito, dito na po ako nag aral ng elementary, hanggang mag high school.

mam basi po kasi sa kinaso nila sa tatay ko. ang tatay ko daw po ang nag skwat sa lupa na ito, hindi po yon tatoo mam, dahil ang tatay ko naman po ang kauna unahang naglinis at magtanim ng mga niyog at iba pa. 1982 po inaplayan ni Savier ang lupa na ito piro nandito na po kami at malinis na at may mga tanim na. nagawa po nila ang mag aplay sitaaa dahil nasa posisyon po sila. at ang tatay ko po ay walang kalaban laban dahil mahirap lang po at kulang sa kaalaman.

Kaya po ako sumulat sa inyo upang dinggi po ng inyong disisyon na sa amin niyo nalang po ibigay dahil yan naman po talaga ang tatoo may mga Witness po kami. at isa na po yong aking card certificate na akoy nag aral sa lugar na ito

maraming pong salamat, at umaasa sa tulong niyo

Gumagalang, Sarah A. del carmen

P.S.

maaari, sana naman po maawa po kayo, at sana gabayan kayo ng banal na spiritu ng diyos sa inyong disisyon kong kanino po nya talaga ibigay ang lupa.

Umaasa po kami sa inyong malawak na pang unawa at disisyon more power po and god bless u. at mabuhay po kayo"